

1

Nakasimangot na ibinagsak ni Alessa Ricarte ang telepono. Ang balitang natanggap niya mula sa kanyang inang si Aurea ang nagpainit ng ulo niya nang umagang iyon. Pinauuwi siya nito sa Mindoro upang makadalo sa nalalapit nitong kasal. Napatingin sa kanya ang dalawang kaibigan na naroon din sa sala.

“Hay, Alessa, hanggang ngayon ba naman hindi mo pa napapatawad ang nanay mo?” napapailing na saad ni Joyce, habang isinasalit ang pagbabasa ng magazine.

Halos magkabuhul-buhol ang mga kilay niya nang tingnan ito. “Iyon na nga, eh! Hindi ko pa siya napapatawad pagkatapos magpapakasal na siya sa iba! Napaka-insensitive talaga niya! Wala siyang pakialam sa nararamdaman ko!”

Saglit na itinigil ni Mitch ang pagma-manicure ng paa at hinarap siya. “Alessa, matagal na panahon na iyon kaya kalimutan mo na. Tatal, maayos naman ang buhay ninyo kahit nagkahiwalay sila ng tatay mo,” anito.

Inismiran niya ang dalawa. Batid niyang hindi siya mananalo ng paliwanagan sa mga ito. Palibhasa, walang ideya ang mga kaibigan kung gaano siya nasaktan sa mga nangyari.

“Payong kapatid, Alessa,” sabi ni Yen. Galing ito sa kusina, bitbit ang bowl ng nilutong French fries. “Sa tingin ko, pinagsisihan na iyon ni Tita Aurea. Ikaw na rin ang nagsabi na mula noon hindi na siya nag-asawa pa at ginugol na lang niya ang panahon sa pagpapalaki sa ’yo. Hindi ba dapat matuwa ka dahil ibig sabihin, ganoon ka niya kamahal?”

“O-oo nga... p-pero kahit ano ang gawin niya, siya pa rin ang may kagagawan kung bakit kami nilayasan ng tatay ko!” nakangusong sabi niya.

Napabuntong-hininga si Joyce. “Naiintindihan ka namin sa puntong iyon, sis. Pero sana, sikapin mo ring intindihin ang nanay mo. She tried so hard to put you up to be a better person. At mag-isa niyang ginawa iyon. Siguro naman, panahon na rin para lumigaya siya.”

“Alam mo, masuwerte ka,” sabad ni Mitch. “Hindi katulad ko, wala akong namulatan kahit isang magulang. Kaya minsan naiisip ko, sana nagkapalit na lang tayo ng puwesto. Dahil sa nakikita ko, mahal na mahal ka ng nanay mo pero binabale-wala mo ang

lahat ng iyon,” pahayag nito.

“So if I were you,” segunda ni Yen, “pagbibigyan ko ang hinihiling niya. Alalahanin mo, friend, hindi natin alam kung kailan tayo kukunin ni Lord kaya habang maaga, ipakita nating mahalaga rin sila sa atin.”

Nagbuga siya ng hangin mula sa bibig. Kahit paano ay tinablan siya sa sinabi ng mga ito. Gayunpaman, nagsusumiksik pa rin ang masakit na alaalang iyon sa kanyang isip.

Pasado alas cuatro ng hapon nang dumating si Alessa sa kanyang bayang kinagisnan—ang Calapan, Oriental Mindoro. Hindi niya napigilang makaramdam ng lungkot. Humigit-kumulang pitong taon na ang nakalipas nang lisanin niya ang lugar na iyon at kahit minsan, hindi niya naisipang bisitahin ang ina.

Masisisi ba niya ang sarili kung gusto niyang kalimutan ang nakaraan na kahit anong pilit ay hindi mabura sa kanyang alaala?

Mayamaya ay lulan na siya ng tricycle patungong Barangay Ibaba, ang address na sinabi ni Aurea at ang lugar na paborito niyang puntahan noon. Bagaman

nagtaka siya kung bakit doon siya pinatutuloy nito, mas mabuti na roon kaysa tumuntong ang mga paa niya sa mismong bahay nila.

Hindi nagtagal, pumara siya sa tapat ng isang lumang bahay. Saglit na pinasadahan niya iyon ng tingin bago umibis ng sasakyan.

“Alessa!” sabik na bungad ng kanyang ina nang makita siya sa labas ng malaking gate. Patakbong nilapitan siya nito at niyakap. “Tinawagan mo sana ako para naipasundo man lang kita sa bayan. Ang akala ko’y hindi ka na darating.”

Sa kabila ng magiliw na pagsalubong nito sa kanya, nanatiling tulog ang kanyang emosyon.

“Hindi na ho kailangan. Kaya ko nang mag-isa,” walang kagana-ganang tugon niya. Ni walang pagsuyo sa kanyang mga mata habang nakatingin sa ina; pumayat ito at may suot na scarf sa ulo. Ni walang man lang siyang nadamang pagmamalasakit para rito upang magtanong kung bakit ganoon na ang hitsura nito kumpara noon na kay lusog tingnan.

“Halika,” anitong isinukbit ang braso sa kanyang balikat. “Ihahatid kita sa kuwarto mo. Alam kong pagod ka sa biyahe kaya magpahinga ka muna. Ano ang gusto mong kainin mamaya at ipagluluto kita?”

“Huwag na kayong mag-abala. Hindi naman ako maarte sa pagkain,” aniya.

At katulad ng dati, kahit maramdaman nito ang panlalamig niya, hindi na lamang nito pinahahaba pa ang usapan, bagay na hindi niya maintindihan. Parang walang saysay rito ang nangyari noon, parang hindi man lamang ito naapektuhan ng galit niya. Dahil sa ipinakikita nito, lalong hindi niya mapigilan ang sariling kamuhian ang ina.

“Sige, ikaw ang bahala,” anito.

Dahil sa pagod sa biyahe, mahigit isang oras nakatulog si Alessa. Bumalikwas siya ng bangon nang maaninag mula sa siwang ng bintana ang papalubog na araw.

Huminga siya nang malalim. Kahit tutol ang loob niya, she had to deal with her mother again. At ang masaklap, kailangan niyang ipakita sa mapapangasawa nito na maayos sila at wala silang samaan ng loob.

Mayamaya ay inayos niya ang sarili at nagpasyang lumabas ng silid. Nabungaran niya ang ina sa komedor habang tinutulungan nito ang dalawang katulong sa paghahanda ng mesa. Ngumiti ito nang makita siya.

“Tamang-tama ang gising mo.” Nilapitan siya nito. “O, maupo ka na.”

Sinulyapan niya ang hallway na nagdudugtong sa dining room at sa sala. “Hindi ko pa yata nakikita ang mapalad na lalaking magiging tatay ko,” sarkastikong nasabi niya. “Hindi ba siya sasabay maghapunan sa atin?”

“B-baka padating na iyon. May pinuntahan—”

Hindi pa natatapos ni Aurea ang sasabihin nang sumulpot doon ang isang lalaki na halos kaedad nito. Ginawaran nito ng halik ang kanyang ina pagkatapos ay nakangiting lumingon sa kanya.

“Alessa, hija, I missed you!” masayang bati nito.

Napakurap si Alessa kasabay ng pangungunot ng noo. Kumabog ang kanyang dibdib kasunod ng paninikip niyon. “I-ikaw? I-ikaw ang mapapangasawa ng nanay ko?” sabi niya, hindi makapaniwala.

Ngumiti si Alfredo, ngunit biglang naging pormal ang kilos nito nang makita ang reaksiyon niya.

Kilala niya ang lalaki. Ito ang matalik na kaibigan ni Aurea. At ito rin ang taong naging dahilan ng pagkasira ng pamilya niya!

“God, I can hardly believe it!” Muling umahon

ang sarkasmo sa tinig ni Alessa. “I never expected that after those tormenting years, magkikita-kita pa rin tayo! And the best part, magiging stepfather ko ang best friend ng nanay ko!”

Nagkatinginan ang dalawang matanda. Bakas sa mukha ng kanyang ina na humihingi ito ng paumanhin para sa kanya. Ngumiti naman si Alfredo, tanda na tinatanggap nito iyon.

“Ang mabuti pa, kumain na tayo dahil kanina pa ako nagugutom. Mukhang masarap ang ulam, ah!” anang lalaki, sa tono na tila walang anuman dito ang sinabi niya.

At habang pinapanood niya ang mga ito, ibig niyang masuka. Tunay ngang nakakasuklam pagmasdan ang mga taong nakasakit ng damdamin niya. Mabuti na lamang, biglang lumiko ang isip niya. Naalala niya si Tristan, ang kanyang kababata at ang nag-iisang anak ni Alfredo.

At kasabay ng pag-ikot ng alaala niya, walang anu-ano ay dumating ang binata.

“Hi, Pa! Tita!” kaswal na bungad ni Tristan, pagkatapos ay gulat na napatingin sa kanya. “A-Alessa?”

“T-Tristan?”

Maging siya ay nasorpresa rin nang makita ito. Hindi niya akalaing bubulaga sa kanya ang laman ng utak niya nang mga sandaling iyon.

Hindi napigilan ni Alessa ang sarili na titigan ang mukha ng lalaki. Walang nagbago sa mga mata nito. It was the same deep set of eyes which had always been inscrutable yet seemed to express delight upon seeing her again.

Katamtaman lamang ang pangangatawan ni Tristan, ngunit umaayon sa taas nitong 5'9". Paborito rin niyang pagmasdan ang matangos na ilong nito na bumagay sa medyo hawas nitong mukha, maging ang morenong balat na karaniwang pang-akit nito sa kababaihan. Prominente pa rin ang Adam's apple nito.

In short, he was like a delicious thing wrapped in an irresistible brown package.

“Hi!” Nabigla siya nang lumapit ito at niyakap siya. “Kumusta? Dalagang-dalaga ka na, ah!” nakangiting komento nito.

Correction, matandang dalaga, ngali-ngaling sabihin ni Alessa. “M-mabuti. Ikaw rin naman, binatang-binata na,” aniya.

Sa pagtawa nito, kumislol ang puso niya. At sanhi

niyon, bigla niyang naalala ang childhood admiration niya sa lalaki. Sa edad niyang beinte-nueve, dalawang taon ang tanda nito sa kanya. Malimit niyang sabihin noon sa sarili na ito ang kanyang ideal man. Kaya ganoon na lamang ang panlalambot niya nang sabihin nitong parang isang kapatid lang ang turing nito sa kanya.

“Ang balita sa akin ni Tita Aurea, sa Cebu ka na naglalagi at negosyante ka na ngayon,” patuloy ng binata.

“Hindi ko nagamit ang course ko, eh,” nagkibit-balikat na sabi niya. Information Technology ang natapos niya at sa halip na mangibang-bansa, mas pinili niya ang pagtatrabaho rito sa piling ng mga kaibigan.

“At least, you’re playing well in the field of business.”

“Siyanga pala, Tristan,” singit ni Alfredo, “ipasyal mo si Alessa mamaya sa hacienda.”

Napakurap ang dalaga. “H-hacienda?” takang ulit niya.

“Alessa,” ani Aurea na marahang tinapik ang kamay ng anak, “natatandaan mo ba si Inggong Amado?”

Tumango siya. Si Inggong Amado ay tiyuhin ni Alfredo sa panig ng ama nito at ang may-ari ng bahay. At marahil, ang hacienda na tinutukoy nito ay ang napakalawak na lupain kung saan malimit silang maglaro noon.

Bakit nga ba ngayon lamang niya napansin? “Nasaan si Inggong Amado?”

“Magtatatlong taon na siyang patay, Alessa, kaya ipinamana niya kay Alfredo ang lahat ng kanyang ari-arian pati ang bahay na ito,” paliwanag nito.

“Ipinamana?” Muli siyang napakurap. Kunsabagay, sa pagkakatanda niya, dalawa lamang na magkapatid si Inggong Amado at ang ama ni Alfredo na bagaman nakababata ay mas maagang binawian ng buhay.

“Kaya nagpasya kaming bumalik sa Pilipinas para personal na mapangasiwaan ang mga naiwan niyang negosyo. Sayang naman kung mapapabayaang,” paliwanag ni Alfredo.

Biglang nanumbalik sa kanyang gunita ang isang bahagi ng nakaraan. Matapos ang paghihiwalay ng mga magulang niya, nagtungo sa Amerika ang buong pamilya ni Tristan. At kahit masakit para sa kanya ang mawalay sa kababata, tiniis niya iyon dahil mas nangibabaw sa puso niya ang matinding galit para

sa ama nito.

“Salamat, anak, at naintindihan mo ako,” nakangiting bungad ni Aurea nang pumasok sa kanyang silid. “Akala ko’y mahihirapan akong magpaliwanag dahil—”

“Wala akong naintindihan kahit kaunti doon!” matalas na sabi ni Alessa nang lingunin ito. Inabutan siya nitong nakaupo sa kama habang inaayos ang kanyang mga gamit. “Ayoko lang na mapahiya kayo sa harap ng Alfredo na iyon! Pero hindi iyon nangangahulugang tanggap ko na ang pagpapakasal ninyo sa kanya!”

“A-Alessa...”

Puno ng tinitimping galit ang kanyang mga mata. “Bakit hindi ninyo agad sinabing siya pala ang pakakasalan ninyo para hindi na ako nag-aksaya ng oras na pumunta rito?”

“D-dahil alam kong hindi mo ako pagbibigyan kapag iyon ang sinabi ko,” nanginig ang boses na tugon nito.

“Alam naman pala ninyo kung gaano ko isinusumpa ang lalaking iyon!” aniya, halos mapatid

ang litid sa leeg.

“H-hanggang kailan mo ba dadalhin ang galit sa puso mo, anak?” naghihirap ang kalooban na tanong nito, nangilid din ang luha sa mga mata nito.

Napatayo si Alessa. “Puwede ba, Ma, hindi ako tanga para hindi maintindihan kung ano talaga ang nangyari sa pagitan ninyo ng papa ko!” Hinayaan niyang makawala ang damdaming kanina pa niya tinitimpi.

“A-anak, m-maraming nangyaring hindi mo alam bukod sa nakita mo,” pahayag nito.

Alessa laughed ironically. “Hanggang ngayon ba naman, inililigaw pa ninyo ako? Malinaw ang nakita ko, Ma! At hindi iyon mabubura ng kahit anong paliwanag ninyo dahil mula pa sa pagkabata ko, alam kong sinikap na ninyong itago sa akin!” sumbat niya.

Muling gumaralgal ang boses ng kanyang ina. “H-hindi, Alessa, n-nagkakamali ka...”

“Please, Ma, hindi na natin maibabalik ang nakaraan at lalong hindi na babalik ang papa ko,” malamig ang tinig na turan niya.

Dali-dali siyang lumabas ng silid upang iwan ito.

2

A teasing warmth mounted inside her as Tristan held her hand. “Careful,” masuyong paalala nito nang tahakin nila ang mabatong daan patungong *Hacienda Villaraza*. “I’m glad you came,” mayamaya ay sabi nito.

Nilingon ni Alessa ang kababata. He seemed to have revived the glow in her life. Marami mang nagbago sa hitsura nito, ito pa rin ang dating Tristan na nakilala niya; malalim at laging seryoso. Ngunit naroon ang pagiging malambing at maalalahanin nito, bagay na nagmulat sa puso niya.

“It was a request that I couldn’t turn down,” pagsisinungaling niya, in an equally casual voice. Ayaw niyang mahalata nito ang kanyang hinanakit sa ina.

Tumangu-tango ito. “Mahirap talagang tanggihan ang katulad ni Tita Aurea,” anito.

Displeasure wanted to escape from her face. Isang anghel yata ang akala nito sa kanyang ina. And it was driving her round the bend!

“Sayang!” Sinadya niyang ibahin ang usapan.

“Wala na pala si Inggong Amado! Gusto ko sana siyang makita uli.”

Hindi kaagad kumibo ang lalaki, nasa mukha ang pagtataka sa biglang pagpihit ng usapan nila.

“Hindi ba, Tristan?”

“Yeah,” malaunan ay tugon nito. “Huli ko siyang nakita noong mga bata pa tayo.”

Napangiti si Alessa. Then she let out a sigh. Hindi niya maapuhap ang sagot kung bakit magaan pa rin ang loob niya sa binata gayong malaki ang kasalanan ng ama nito sa kanyang pamilya.

Matindi na ang paghanga niya kay Tristan noon pa. At sa kabila ng mga nangyari, dapat ay matagal nang nabura ang lahat ng iyon. Ngunit bakit ngayon ay tila masaya pa siya dahil kapiling niya ito?

Siguro nga ay totoo ang sinasabi ng konsyensya niya. Hindi niya dapat idinadawit ang lalaki sa galit niya. Wala itong kasalanan sa pagkasira ng kanyang pamilya.

“Hanggang ngayon, hindi pa rin ako makapaniwala na may hacienda pala si Inggong Amado,” umiiling-iling na sabi ng dalaga.

Ngumiti ito. “Mga bata pa kasi tayo noon, sige

lang nang laro, sige lang nang kuwento. Wala tayong pakialam sa paligid at kung ano ang mga nangyayari. Isa pa, pribadong tao talaga si Inggong Amado. Hangga't maaari ay ayaw niyang nakabalandra ang buhay niya sa lahat. Alam mo na, a simple man wants a simple life," kuwento nito.

“Pero hindi simple ang yaman niya.”

“Kaya nga nagpapasalamat kami dahil kahit ilang milya ang layo namin sa kanya, sa amin pa rin niya ipinagkatiwala ang lahat ng iyon,” anito.

Matandang binata si Inggong Amado, at hindi iyon lingid sa kanila. Naisip niya, wala talagang ibang malilipatan ng ari-arian nito kundi ang masuwerte pa ring si Alfredo. Napabuntong-hininga si Alessa. Ganito yata talaga sa mundo, mas mapalad ang makasalanan.

“You should be proud,” aniya.

“I know,” tumangu-tango na tugon nito.

Ilang sandali lamang ay narating nila ang kuwadra ng mga kabayo. Dinatnan nila roon ang katiwala habang ikinokondisyon nito si Robin, ang paboritong kabayo ni Amado.

“Kumusta, Mang Ador?” bati ni Tristan sa

matandang lalaki.

“Ikaw pala, Tristan. Magandang umaga,” batin nito.

“Puwede ko bang mahiram sandali si Robin? Gusto kong ilibot ang kaibigan ko dito sa hacienda,” anito.

Gustong ingusan ito ng dalaga. Hanggang ngayon ay talagang isang kaibigan lamang ang turing nito sa kanya. Kahit minsan kaya ay hindi ito nakaramdam ng kakaiba para sa kanya? Iyong klase ng pagpapahalaga na mas malalim pa kaysa roon?

Mayamaya ay namamayagpag na si Robin sa kalagitnaan ng hacienda, sakay niyon ang dalawa. Nakaangkas si Alessa sa harapan ni Tristan, bagay na ikinaasiwa niya. Yet, she loved the way her arms rubbed against his as he pulled the horse’s reins.

She felt like drowning in a space empty of water. And it was the first time she felt like a bud that flourished upon the buzzing drop of the morning dew.

“I missed you, Alessa...” She could feel his warm breath on her nape as he spoke. Pakiramdam niya ay wala siyang kawangis sa ganda. At higit sa lahat,

babaeng-babae.

“A-ako rin,” kandautal na sabi niya na tila ikinatuwa nito.

“Really?”

“S-siyempre.”

“I wish I could be with you for a longer time,” anito na biglang sumeryoso ang boses.

“Ano ang ibig mong sabihin?” Gusto sana niyang lingunin ang kababata at tingnan sa mga mata, pero pakiramdam niya ay naninigas ang kanyang leeg dahil sa sobrang pagkakalapit nila.

“Gusto ko lang masiguro na maayos ang lahat bago ako umalis. I need to go back to Florida, Alessa. Maraming bagay akong naiwan doon para ayusin,” paliwanag nito.

Pakiramdam niya, may namuong bikig sa kanyang lalamunan. Bigla siyang nalungkot sa narinig. “B-babalik ka pa ba rito?” tanong niya.

Narinig niyang nagbuntong-hininga ang binata. And most probably than not, it meant uncertainty.

“Hindi ko masabi. Puwedeng hindi, puwede ring oo,” tugon nito.

Natahimik si Alessa. Namula rin ang kanyang mga mata, gustong manubig ng mga iyon ngunit pinigilan niya. Ayaw kasi niyang mapansin iyon ni Tristan dahil baka marinig niyang muli ang sinabi nito noon na nagpabingi sa kanya.

Naalimpungatan si Alessa nang maramdamang may banayad na humahaplos sa pisngi niya. Napakurap siya nang makita si Tristan. Hindi niya namalayang naidlip na pala siya sa kandungan nito habang nagkukuwentuhan sila sa damuhan kanina.

Kaibigan niya ang lalaki. At malinaw sa kanya iyon kahit pa sabihing umaasa siyang mamahalin nito nang higit pa sa isang kapatid o kaibigan. Gayunpaman, the thought that he missed her and the way he brushed her face with his fingers had suddenly confused her.

“A-anong oras na?” Bumalikwas siya mula sa pagkakahiga.

Sinulyapan nito ang wristwatch. “Almost eleven,” anito.

Mabilis siyang tumayo at pinagpag ang pantalon. “Tanghalian na pala! Ang mabuti pa, bumalik na tayo sa bahay. Malamang, hinihintay na nila tayo.”

“Can’t we stay for a while? We haven’t had a day like this for years, Ayet,” he said, mentioning the nickname he used to call her. “I want to feel the moment.”

Feel the moment. Kay sarap pakinggan ng mga katagang iyon lalo pa at nilapatan iyon ng boses nito na tila agos ng tubig sa pandinig niya.

Napailing siya sa sarili. Perhaps she was just expecting more than friendship, kaya iba ang interpretasyon niya roon. Sa madaling salita, malisyosa lamang siya.

“Tristan...” she tried to say in a teasing tone, para lamang hindi mabilad ang isip niya sa tinutunton niyon. “Mataas na ang araw, o! Saka nagugutom na ako, eh. Kung gusto mo, maiwan ka rito pagkatapos babalikan na lang kita kapag busog na ako.”

Napangiti ang binata. “Hindi ka pa rin nagbabago pagdating sa kainan. Madaya ka pa rin!”

“Hindi na bale,” nakairap na sabi niya. “Ang importante, hindi ako nalilipasan ng gutom.”

Napapailing na tumayo ito at niyakap siya. “That’s what I missed about you!” anito.

Hindi malaman ni Alessa ang gagawin kung paano

pagtatakpan ang pagkailang habang nakakulong sa mga bisig nito. “H-hindi mo na ako kailangang bolahin dahil hindi naman kita uubusan ng pagkain,” nakapa niyang sabihin.

Sa halip na sumagot si Tristan, dinampian siya nito ng halik sa noo, bagay na hindi na bago sa kanya.

Gayunpaman, nahigit pa rin niya ang hininga. She must have been used to his brotherly kiss. Ngunit bakit ngayon ay binibigyan na naman niya ng ibang kahulugan iyon?

Bakit ba hindi na lamang siya makontento sa pagiging magkaibigan nila? Tatal, babalik na ito sa Amerika. At kung hindi man asawa, imposibleng wala itong naghihintay na nobya roon.

“Mang Ador!” tawag ni Alessa mula sa labas ng kuwadra. Malakas ang hangin nang araw na iyon kaya naisipan niyang mangabayo.

Hindi nagtagal ay lumangitngit ang pinto at sumilip mula roon ang matandang lalaki. “Ikaw pala. Pasok ka,” anito, niluwangan ang pagkakabukas niyon. “Kain ka,” anyaya nito nang makapasok siya sa loob.

“Salamat po. Katatapos lang,” aniya.

Pasado ala una na ng hapon ay noon pa lamang ito nanananghalian, suot ang maruming kamiseta. At dahil mukhang gutom na gutom, giliw na giliw ito sa sardinas na hindi man lamang iginisa.

Parang nilamukos ang puso niya sa nakita. Kahit sabihing matibay ang loob niya, madaling maantig ang damdamin niya sa mga eksenang ganito.

“Balak mo bang mangabayo?” tanong nito pagkatapos, sabay sulyap sa suot niyang riding boots.

“Opo,” aniya.

“Ihahanda ko lang ang kabayong gagamitin mo.” Aktong tatayo ito ngunit pinigilan niya.

“Naku, mamaya na po, Mang Ador! Pagkatapos na ninyong kumain. Hindi naman ako nagmamadali.”

“Ikaw ang bahala.” Nakatitig ito sa kanya nang sabihin iyon. Binalikan nito ang kinakain.

Nilibang ni Alessa ang sarili habang hinihintay si Ador. Para siyang batang sinilip ang mga kabayo.

“Mang Ador, matagal na ba kayo rito?” tanong niya, habang hinihimas ang puwitan ng isa sa mga hayop.

Huminto ito sa pagsubo at lumingon sa gawi niya. “Matagal-tagal na rin, mga labinlimang taon na,” seryosong sagot nito.

“Ang tagal na pala! Eh, di bihasang-bihasa na kayo sa pag-aalaga ng kabayo?” namamanghang sabi ni Alessa.

“Hindi lang siguro sa pag-aalaga. Amoy-kabayo na rin ako,” walang kangiti-ngiting saad nito. Hindi tuloy niya alam kung nagbibiro ito o talagang ganoon lamang kung magsalita.

Gayunpaman, natawa siya sa sinabi ng lalaki.

“Saan po ang tulugan ninyo? Huwag ninyong sabihin sa akin na dito rin kayo natutulog sa kuwadra?” tanong niya.

Sa wakas ay napangiti niya ang kausap. “Ah, hindi,” tugon nito. “May maliit na kubo ako sa likod.” Kasunod niyon ay iniligpit na nito ang pinagkainan.

Sinundan niya ito nang tumalikod.

“Hindi ko maipapahiram sa ’yo si Robin. Ngayon ko pa lang siya pakakainin,” anito.

“Okay lang, Mang Ador. Kahit sino, puwede na sa akin.”

“Hindi ba’t noong isang araw ka lang tinuruang mangabayo ni Tristan? Sana’y isinama mo siya rito nang sa gayon ay may nakaalalay sa ’yo,” anang lalaki.

“Kaya ko na ang sarili ko, Mang Ador.” Hindi niya napansing napangiwi siya nang maalala ang kababata. *Saka ayoko ng may kasama na mahirap intindihin*, dugtong ng isip niya.

“Ikaw ang bahala pero mag-iingat ka,” paalala nito.

Hindi pa man siya nakakalayo, sakay ng kabayong ibinigay ni Ador, nagsimula nang maaburido ang hayop. Umaatungal na inangat niyon ang unahang mga paa saka nagdadamba. Nataranta si Alessa; hindi niya malaman ang gagawin.

“Mang Ador!” sigaw niya. Ngunit tila hindi siya marinig nito.

Susubukan sana niyang magpatihulog mula roon, ngunit bigla iyong nagtatakbo palayo. Lalo siyang nasindak. At kahit humingi ng tulong ay hindi na niya magawa.

Paikot-ikot ang kabayo, anumang oras ay maaari siyang humagis mula roon. Kaya ang tanging naisip niya ay dumapa na lamang at mangunyapit sa

katawan ng hayop. Ipinikit din niya ang mga mata dahil sinasagupa niyon ang magkakasalabat na mga sanga ng halaman sa paligid.

Mayamaya ay napadilat siya nang biglang tumigil ito at muling umatungal. Namulatan niya si Tristan na nakatayo sa harapan nila habang pinakakalma ang kabayo. Pagkatapos ay inalalayan siya nitong bumaba mula roon.

“Magpapakamatay ka ba?” sita nito

Tumaas ang isang kilay ni Alessa. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong pinagtataasan ng boses lalo na sa mga bagay na hindi naman niya sinadya.

“Hindi mo ba nakitang takot na takot ako? Kung gusto kong mamatay, sa bangin ako tatalon para ilang saglit lang, tapyas ang katawan ko! At hindi sa kabayong iyan na daig pa ang sira-ulo kung magwala!” namumulang litanya niya.

Sa sinabi niyang iyon, tila lumamig din ang ulo ng binata. “Bakit ba kasi hindi si Robin ang ginamit mo?”

“Kumakain pa si Robin!” nakairap na sabi niya.

“Tbang kabayo na lang sana ang hiniram mo,” anito, habang hila-hila ang hayop pabalik ng kuwadra.

“Iyan ang ibinigay ni Mang Ador, eh! Malay ko bang praning pala iyan!” tugon ng babae. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit inis na inis siya sa binata.

“Kakausapin ko siya,” sabi nito. “Mauna ka na sa bahay.”

“Pero, Tristan, huwag mong pagagalitan si Mang Ador!” sumamo niya.

“Anong pagagalitan ang sinasabi mo? Ang sabi ko, kakausapin ko siya!” Iniwan na siya nito sa kinatatayuan.

3

Gustong mainip ni Alessa. Hindi umuwi si Tristan nang nagdaang araw. Mula nang iniwan niya ito sa hacienda ay hindi pa rin ito bumabalik hanggang ngayon. Nag-aalala na siya!

Humiga siya sa kama, idinantay ang kanang braso sa noo. At sa puwestong iyon, nanumbalik sa isip niya ang pagkakasagip ng binata sa kanya mula sa aksidenteng iyon.

Napabuntong-hininga siya. Oo nga't bukambibig niya na hindi niya kailangan ng asawa para lamang mapatunayan na babae siya at may karapatang punlaan ng magandang lahi.

Ngunit dahil sa nangyari, isa lamang ang napatunayan niya; kailangan niya ng lalaki sa buhay. At sigurado siyang nasa katauhan iyon ni Tristan.

Ayaw niyang matulad kay Ingkong Amado na namatay nang walang asawa. Wala nga siyang yaman na masasabi ngunit ang tumanda nang nag-iisa, iyon ang hindi niya kailanman pinangarap.

Napabalikwas siya ng bangon nang marinig ang sunud-sunod na busina mula sa kotse ni Tristan.

Nandiyan na siya!

Parang buhawi na sinuyod niya ang hagdanan. Ngunit napahinto siya nang tumuntong ang mga paa niya sa sahig. Bakit nga ba siya naatat nang ganito? Ano ba talaga ang gusto niyang malaman? Ang kinalabasan ng pag-uusap nito at ni Mang Ador na sa tingin niya ay hindi naman gaanong importante o ang kasabikang makita muli ang kababata?

Napabuntong-hininga siya pagkatapos ay napangiti. Punumpuno siya ng sigla nang bumungad sa pintuan upang salubungin si Tristan. Ngunit biglang naudlot iyon nang makitang may kasama itong babae.

“Bakit gising ka pa?” tanong ng binata nang makita siya. Inakbayan nito ang magandang kasama na yumapos naman sa katawan nito.

Hindi tuloy masabi ng dalaga na hinintay niya ito. “Uh... a-ano... g-gusto ko lang malaman kung ano ang sabi ni Mang Ador.”

“Humingi siya ng paumanhin. Sabihin ko raw sa ’yo, ilang linggo na maayos ang lagay ng kabayong ginamit mo. Hindi raw niya akalaing magwawala uli iyon,” seryosong sabi ng kababata.

Marahan siyang tumango, hindi inaalis ang

paningin sa estranghera.

“Sina Tita Aurea?” ani Tristan.

“Tulog na siguro,” aniya, humahalo ang pananamlay sa boses. Ilang segundo na ang lumipas ay hindi pa rin niya nababawi ang sarili.

“Siyanga pala, this is Carlene, my fiancée,” pakilala nito sa babae. “Hon, this is Alessa, a childhood friend.”

Nakalulon yata siya ng isang dosenang pako nang marinig iyon.

“Hi, Alessa,” nakangiting bati ng babae sa kanya. Samantalang hindi niya malaman kung saan huhugutin ang masayang reaksiyon upang ipakita rito.

“Nakalimutan kong banggitin sa ’yo kahapon na susunduin ko siya sa airport. Kaya mula hacienda ay doon na ako tumuloy,” kuwento ng lalaki.

At saan naman kayo nagpalipas ng gabi? gusto sana niyang itanong. “H-hindi ba’t ang sabi mo, kailangan mong makabalik agad sa Amerika?” takang sabi niya.

“Yeah. Masyado lang kasing mainipin itong magiging asawa ko kaya sinundan ako rito. Malamang, sabay na kaming babalik doon. Meantime, dito siya

sa atin magbabakasyon,” ani Tristan, pagkatapos ay walang kiyemeng hinalikan ito ng babae. Dinaluhong ng selos si Alessa.

And all of a sudden, she wanted to sneak out of the place. Parang nilalapnos ang balat niya habang kaharap ang dalawa. At daig pa ng mga ito ang asukal sa sobrang tamis kapag nagtitigan, gusto tuloy niyang pag-untugin.

“E-excuse me...” aniya. Magkahalong panlalata at pagngingitngit ang nararamdaman niya habang pabalik ng kanyang silid. Kung kailan handa na siyang magpa-cute kay Tristan ay saka pa sumulpot sa eksena ang asungot na babaeng iyon!

Pudpod na ang mga daliri ni Alessa sa kapipindot ng numero ng telepono ay hindi pa rin siya sinasagot nina Joyce at Mitch. Palibhasa ay parang mantika kung matulog ang mga ito. Kung si Yen naman ang tatawagan niya, kasalukuyang nasa Coron ang babae at malamang magalit ang kaibigan dahil ayaw na ayaw nitong nakakatanggap ng tawag sa gabi.

Ang hirap talaga ng maraming iniisip. Hindi tuloy siya makatulog. Kaya nang magsawa siya sa katitig sa kisame ay nagpasya siyang lumabas ng silid.

Ngunit bago niya marating ang puno ng hagdanan ay napadaan siya sa silid ni Tristan.

Hindi niya maiwasang mag-isip ng kung ano lalo pa't kapiling nito ang nobya. At kahit wala pa siyang karanasang sekswal, hindi naman siya ignorante para hindi malaman kung ano ang pinagsasaluhan ng mga ito nang mga sandaling iyon.

Bakit kasi ipinanganak siyang walang sex appeal sa mga lalaki? Kung mayroon sana siya niyon kahit kapiraso, hindi sana siya mapapabilang sa asosasyon ng NBSB—no boyfriend since birth.

Kasalukuyang hinahalo ni Alessa ang kapeng tinimpla sa tasa nang may tumikhim sa kanyang likuran.

“Paano ka makakatulog niyan kung kape pa ang iinumun mo?” sabi ni Tristan. Nahulaan yata nitong nakaisang libo't isang biling na siya sa kama.

At dahil hindi niya alam kung maiinis o matutuwa sa pagsulpot nito, hinila niya ang isang silya at naupo roon. “Baligtad kasi ako,” nakairap na sagot niya. “Ito ang pampatulog ko.”

Sa halip na sumagot ang binata, naupo ito sa tabi niya. At dahil doon, gustong humalo ng kilig sa panibughong gumagapi sa damdamin niya.

“S-si... Carlene?” ayaw sana niyang itanong. Hangga’t maaari ay ayaw niyang babanggitin ang pangalan ng babae dahil sumasama ang pakiramdam niya.

“Pinatulog ko nang maaga. Masakit daw kasi ang ulo niya, nanibago siguro sa klima,” tugon nito.

Filipina-American ang babae at sa Amerika na lumaki. Kaya batid niyang ibang paniniwala ang nakalakhan nito at nakasisiguro siyang karaniwan na lamang ang sex para sa babae.

“Iniisip mo pa rin ba iyong nangyari kahapon sa hacienda?” dugtong nito.

“Hindi naman ako nasaktan saka humingi na ng paumanhin si Mang Ador. Okay na sa akin iyon,” sagot niya.

“Bakit hindi ka makatulog?”

Sinulyapan ni Alessa ang binata. Hindi niya masabing ito ang nambubulabog sa diwa niya. Ngunit baka mapahiya lamang siya kung sasabihin niya iyon. Isa pa, alam niya ang isasagot nito.

“Hindi pa lang talaga ako natutulog.” Gayunpaman, may pait sa kanyang tono nang bigkasin iyon.

“You sound irritated,” pansin ng katabi.

“H-hindi, ah!” mabilis na tanggi niya.

“Oh yes, you do,” giit nito,

“Akala mo lang iyon,” she said in a dreary tone, evading his stare.

Hindi ito sumagot. Subalit ramdam niya ang nakabibinging katahimikan sa pagitan nila. Tila ba pinag-aaralan siya nito, trying to entangle the knot protecting her mind.

“No. Kahit matagal tayong hindi nagkita, kilala kita, Ayet. Alam kong may problema ka. Please tell me,” anito.

Goodness! How could I tell you?

“W-wala akong problema, Tristan!” pagsisinungaling ni Alessa. “I’d better go to sleep. Good night!” Sa kamamadali at kaiiwas ay natabig niya ang tasa ng kape.

“Are you all right? You look tense,” puna nito.

Hindi siya sumagot. Sa halip ay kinuha niya ang pamunas ng mesa at sinimulang linisin iyon. Nagulat siya nang biglang hawakan ni Tristan ang kamay niya. Napatingin siya rito. At nagkatitigan sila.

Oh, God, she wanted to tell him her feelings...

and kiss him. But they were friends! At ayaw niyang sirain iyon. At hindi rin niya gugustuhing makisawsaw sa relasyon ng iba.

Kaagad niyang binawi ang kamay at dagling tumalikod.

“Alessa...” tawag nito.

Tumigil siya at pahapyaw na nilingon ang binata.

“N-nothing. I j-just want to say good night,” sabi ni Tristan.

Simpleng tango ang itinugon niya rito, bagaman kumakalabog ang dibdib niya.

“Nag-abala ka pa, Alessa.” Nakangiting kinuha ni Mang Ador ang iniabot niyang mangkok. Dinatnan niya itong inaayos ang mga nakabilad na pira-pirasong saging upang gawing banana chips, isa sa nangungunang produkto ng Mindoro. “Salamat dito sa nilagang baka. Mukhang masarap, ah! Ikaw ba ang nagluto nito?”

“Naku, hindi po,” nakangiti ring tugon ng dalaga. “Iyong katulong po sa bahay. Naisip ko lang na dalhan kayo. Baka kasi hindi pa kayo nanananghalian.”

“Eh, hindi pa nga.” Ibinaba nito ang hawak sa mesitang naroon at hinila ang isa pang upuan. “Halika, saluhan mo ako.”

“Naku, busog na po ako. At isa pa, sa inyo talaga iyan. Dapat ubusin ninyo, ha,” aniya. Gayunpaman, naupo siya sa tabi nito at sandaling pinagmasdan ang matanda. “Mang Ador, pagpasensyahan ninyo kung medyo mausisa ako. Eh, nasaan po ang pamilya ninyo? Wala rin ba kayong asawa katulad ni Ingkong?” aniya.

Hindi nakaligtas sa kanyang pansin ang lungkot na dumaan sa mga mata nito.

“M-mahabang istorya, Alessa,” anito. Huminga ito nang malalim, tila roon nagmumula ang lakas nito. “Maaga akong nag-asawa at nagkaroon kami ng tatlong anak, isang lalaki at dalawang babae. Pero marami kaming bagay na hindi napagkasunduan ng misis ko kaya umabot sa puntong naghiwalay kami,” salaysay nito.

“Ang mga anak ninyo, nasaan sila?” tanong niya.

“Lumaki sila sa poder ng misis ko. Ang huling balita ko, may kani-kanyang pamilya na rin ang mga anak ko,” malungkot na sabi ng matanda.

Nangunot ang noo ng dalaga. “Hindi man lang

nila kayo dinadalaw dito?”

“H-hindi na ako umaasa, Alessa,” tugon nitong bahagyang gumaralgal ang boses. “Isa pa, masaya na ako rito sa piling ng mga kabayong iyan. Dito na ako tumanda sa kuwadrang ito, malamang ay dito na rin ako babawian ng hininga.”

“Mang Ador, bakit kayo nagsasalita nang ganyan? Wala na ba kayong balak makipagkasundong muli sa asawa ninyo?”

Ngumiti ito nang mapakla. “Isang taon matapos kaming maghiwalay, nag-asawa siyang muli. At ang alam ko, naging maganda ang pagsasama nila ng ikalawa niyang asawa hanggang ngayon,” anito.

Napailing si Alessa. Parang hinihiwa ang puso niya habang kausap ang matandang lalaki. Bigla tuloy nanariwa ang pangungulila niya sa ama. At sanhi niyon, hindi niya napansing nangingilid na ang kanyang luha.

“Wala ka bang kapatid?” Tila natauhan siya nang muling magsalita si Ador. Maagap niyang pinunasan ang mga mata.

Naalala niya si Marcus sa tanong na iyon. “M-may kapatid po akong lalaki. Dalawang taon ang tanda ko sa kanya. Kaso...” Muling namula ang gilid ng

mga mata niya. “...anim na taong gulang siya nang mamatay sa sakit na pneumonia.” *At kung hindi sana nangyari iyon, malamang ay may kakampi ako ngayon.*

“Pasensya ka na nga pala sa nangyaring aksidente noong isang araw. Hindi ko akalaing magwawalang muli si Kerubin,” tukoy nito sa kabayong muntik na siyang pilayan.

“Ah, wala na ho iyon, Mang Ador. Kalimutan na ninyo. Tatal, hindi naman ako nadisgrasya,” tugon niya.

“Alessa?” Sabay silang napalingon sa nagsalita.

Si Tristan. Walang kangiti-ngiti ang mukha nito habang nakatingin sa kanya. “Narito ka lang pala,” anito.

Hindi siya sumagot at kaagad niyang binawi ang tingin.

“Mang Ador, ipagpaumanhin ninyo, mag-uusap lang kami sandali,” sabi nito na kaagad namang sinang-ayunan ng matanda.

“Now tell me why you’re not in your usual self. Makikinig ako,” sabi ni Tristan nang makalayo sila

sa kuwadra.

Gusto niyang makunsumi sa inasta nito. Paano nga niya sasabihin na ang lalaki mismo ang pinoproblema niya? At ang pagdating ng nobya nito ang nagpalala ng sitwasyon. “Bakit mo ba ipinipilit na may problema ako?” balik niya.

“Because I know there’s something wrong.”

“Wala nga!” Inismiran niya ito.

“Meron!”

“Wala!”

“Halika nga.” Banayad siya nitong hinila kung saan.

“Ano ba, Tristan! Tigilan mo nga ako!”

Huminto sila sa gitna ng makumpol na halamanan. “Hindi talaga kita titigilan hangga’t hindi mo sinasabi sa akin kung bakit ka nagkakaganyan,” anito, hindi binibitiwan ang braso niya.

“At bakit?” Binawi niya ang braso at pinamaywangan ito. “Ano ba ang nagbago sa akin? Wala naman, ah! Guni-guni mo lang iyon! Saka isa pa, baka hinahanap ka na ng girlfriend mong imported!”

Natigilan si Tristan nang banggitin niya iyon.

Sumeryoso ang mukha nito habang nakapako ang paningin sa kanya. “Nagseselos ka ba?”

Her cheeks turned red. Kung naging ahas ang mga salita nito, natuklaw na siya. Gayunpaman, ipinakita niyang bale-wala iyon sa kanya. “Ha? At bakit naman ako magseselos?”

Hindi ito sumagot. Sa halip, inilapit nito ang mukha sa kanya at idinampi ang bibig sa mga labi niya. Iiginalaw nito iyon hanggang mapapikit si Alessa.

Mayamaya ay tumigil ang lalaki. Nagmulat siya ng mga mata.

“Alam mo na ba ang sagot kung bakit?” tanong nito pagkatapos. Kumabog na parang tambol ang dibdib ni Alessa. Hindi niya malaman kung anong klaseng palusot ang sasabihin niya. Palibhasa kasi, natatandaan pa nito hanggang ngayon ang araw na nagtapat siya ng damdamin dito.

“T-Tristan, mga bata pa tayo noon. S-sa maraming taong lumipas, marami nang nagbago. Iniisip mo bang ganoon pa rin ang nararamdaman ko para sa ‘yo hanggang ngayon?” Laking pasasalamat niya sa dahilang naisip niya. Akala niya ay masusukol na siya nito.

Gayunpaman, hindi nagbago ang expression ng

binata, nanatiling nakatitig sa kanya na para bang hindi nito pinaniniwalaan ang sinabi niya.

“Umuwi na tayo.” Ipinatong nito ang braso sa balikat niya.

Pumalatak si Alessa at pilit inangat ang mabigat na kamay nito. “Ikaw ang umuwi! Dito muna ako,” aniya.

“Huwag mong sabihing mangangabayo ka na naman nang wala ako?” sita ni Tristan.

Tumaas ang isang kilay niya. “Hindi ba puwedeng mangabayo nang nag-iisa?”

“Puwede kung sa puwede. Ang kaso, hindi ka pa naman gaanong marunong. Baka mapahamak ka,” katuwiran nito.

“Hindi mangyayari iyon dahil mag-iingat ako.” Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na humarang sa mata niya.

“Nag-aalala lang ako. Ayokong masaktan ka.”

Natigilan siya at napatitig dito. *Sinasaktan mo na ako, Tristan! Sumasama ang loob ko tuwing makikita kitang may kayakap na iba! Nasasaktan ako tuwing ipararamdam mo na isang kaibigan lang ang turing mo sa akin!*

Love At Stake - Tarra Buluran

“Si Carlene ang dapat binabantayan mo at hindi ako, okay?” There was irritation in her voice.

Napangiti ang binata, halos kasabay ng pagtalikod nito. “Nagseselos ka nga,” anito.

Nagsalubong ang mga kilay ni Alessa. “Kita mo nga naman, ang lakas ng imagination mo!”